Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Oktubre 1, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 198, s. 1987

SEMINAR III SA PANITIKANG FILIPINO

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang ikatlong Seminar sa Panitikang Filipino na itinataguyod ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (dating Surian ng Wikang Pambansa) at ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (Writers Union of the Philippines) ay idaraos sa Disyembre 2-4, 1987 sa UPAA Hostel of Services Incorporation Alumni Center, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon. Ang una at ikalawa sa mga serye ng seminar na ito ay idinaos noong Marso 31-Abril 2 at Agosto 14-15, 1987 ayon sa pagkakasunod.

2. Ang pangkalahatang paksa ng seminar ay "Ang Panitikang Filipino Ngayon at Bukas" na kaugnay ng itinakda ng Bagong Konstitusyon, Artikulo XIV, Seksyon 6, tungkol sa pagpapayabong at pagpapayaman ng wikang Filipino, kung kaya't binibigyang-diin ang mga literaturang panrehiyon para sa pagpapaunlad ng pambansang wika.

3. Tatalakayin sa seminar na ito ang mga literaturang Kastila, Ingles, Tagalog, Sebwano, Ilokano, Tausog at mga literaturang di-Muslim sa Mindanao gaya ng Manobo, Tiruray, Tasaday at Badjao. Dahil dito'y inaasahang ang mga kinatawang dadalo rito ay:

a. makapag-angkin ng dagdag na kaalaman sa kayamanan at mga katangian ng mga literaturang nabanggit bilang bahagi ng pambansang literaturang Filipino; at

b. makapagsagawa ng kailangang pag-aangkop sa kanilang mga pagsulat, pananaliksik at pagtuturo ng gayong mga literatura.

4. Ang lahat ng mga manunulat pangkurikulum (curriculum writers), mga panrehiyon at pansangay na superbisor at tagapag-ugnay sa Filipino, mga puno ng kagawaran/pangkat ng Filipino at mga guro sa Filipino (wika at literatura) sa mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya ang dapat dumalo sa seminar na ito. Ang mga dumalo at hindi nakadalo sa nabanggit na una at ikalawang seminar ayon sa Blg. 1 ng Memorandum na ito ay maaaring dumalo rito (Seminar III).

5. Dahil sa may takda ang bilang ng mga kinatawang dapat tanggapin, hinihiling na mangyari tuwirang magparehistro o magpadala ng reserbasyon sa o bago dumating ang Nobyembre 21 sa:

Linangan ng mga Wika sa Pilipinas
780 LTCT Bldg., EDSA cor. East Avenue
Diliman, Lungsod Quezon
O sa: Tel. Blg. 922-92-57/922-86-05/922-86-51
Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas
(Writers Union of the Philippines)
PDP Blg., 1400 Quezon Avenue
Lungsod Quezon
Tel. Blg. 98-44-16

Hinihiling din na ang mga dadalong kinatawan ay tumawag sa Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas kung narito na sa Maynila bago dumating ang Disyembre 2.

5. Manggagaling sa pondo ng rehiyon, sangay, paaralan, kolehiyo/unibersidad, na sasailalim ng pag-aawdit at pagtutuos, ang ibabayad ng bawat kinatawan na P400.00 para sa handouts at pagkain, bukod pa sa gastos sa transportasyon ng mga dadalong kinatawan patungo sa UPAA Hostel/Alumni Center, Unibersidad ng Pilipinas, Lungsod Quezon, at pabalik sa sariling paaralan, sangay, o rehiyon.

(SGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Sanggunian:
Mga Memorandum Pangministri: Blg. 32 at 119, s. 1987

Pamamudmod: 1-2-3-4--(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Course of Study, COLLEGIATE
" " " , ELEMENTARY
" " " , SECONDARY
LANGUAGE
OFFICIALS
SEMINAR
SOCIETY or ASSOCIATIONS